



Community Memorial Health System

Where Excellence Begins with Caring

| | |
|--|---|
| Pahina 1 of 17 | |
| PAMAGAT NG PATAKARAN Tulong na Pinansiyal/Patakaran ng Kawang-gawa | KUMAKAPIT SA: <input checked="" type="checkbox"/> CMH X OVCH <input type="checkbox"/> CCC <input type="checkbox"/> CFH |
| Manwal: Opisina ng Negosyo Departamento: Opisina ng Negosyo Numero ng Kontrol: HS-FIN303 | Huling Repaso/Petsa ng Pagbago: 11/11/2013 BINAGO 2017 |

I. LAYUNIN:

Ang CMHS ay nakatalaga sa pagbibigay ng kawang-gawang pangangalaga o tulong na pinansiyal sa mga taong may mga pangangailangan sa pangangalaga sa kalusugan at walang seguro, di sapat ang seguro, di karapat-dapat para sa isang programa ng gobyerno, o maaaring hindi makagbayad, para sa bayaring medikal sa pangangalaga base sa kalagayang pinansiyal ng isang indibiduwal. Ang CMHS ay naglalaan, ng walang diskriminasyon, sa pangangalaga ng pang-madaliang mga kalagayan ng mga indibiduwal karapat-dapat man sila o hindi para sa tulong na pinansiyal o tulong mula sa gobyerno.

II. PATAKARAN:

Ang layunin ng Community Memorial Health System ay upang maglaan ng pinakamabuting pangangalaga sa bawat pasyente araw araw sa pamamagitan ng pinag-isang pagsasanay sa larangan ng panggagamot at edukasyon. Ang Community Memorial Health System ay nagsisikap na paglingkuran ang sangkatauhan sa pamamagitan ng mga gawain sa mga dakong ito, habang sinusuportahan ang komunidad na ating tinitirhan at pinagtrabahuhan. Bilang bahagi ng pagtalaga dito, ang Community Memorial Health System ay naglilingkod, sa angkop na paraan, sa mga pasyenteng nasa mahihirap na kalagayang pinansiyal. Higit sa lahat, ang pilosopiyang gumagabay sa Community Memorial Health System ay unahin ang mga pangangailangan ng pasyente.

Ang Kawang-gawang Pangangalaga, na kinikilala dito bilang Tulong na Pinansiyal, ay isa lamang sa mga salik ng kawang-gawang misyon ng Community Memorial Health System. Ang Tulong na Pinansiyal ay maaaring magsangkot ng lubusang write-off ng mga bayarin, bahaginang write-off ng mga bayarin, o pag-aalok sa pasyente ng iba pang mga pagpipilian sa pagbabayad (Tingnan ang Herarkiya sa Patakaran ng Pagbabayad).

Pakisuyong pansinin na ang patakarang ito ay para lamang sa mga serbisyong panloob at panlabas na pasyente ng ospital at may mga tagapaglaan na nagbibigay ng serbisyo

sa loob ng ospital na hindi nakukubrehan sa ilalim ng patakarang ito, yamang hindi sila binabayaran sa pamamagitan ng sistemang pangkalusugang ito. Sila ay nakalista sa Pangkabit E.

Ang mga pasyenteng naghahangad ng kaalwanan sa utang mula sa Programang Tulong na Pinansiyal ay dapat na isang residenteng nakatira sa itinakdang dakong nasasakupan na pinaglilingkuran ng Community Memorial Health System. Inaabot ng CMHS ang mga pasyenteng nagbabayad-sa-sarili at di sapat ang seguro sa iba't ibang mga paraan, kasali na ang pagbabangon ng kaalaman ng pasyente tungkol sa segurong pangkalusugan ng Medi-Cal. Sa pamamagitan ng pagtulong sa aming mga pasyente sa proseso ng Aplikasyon, ang CMHS ay tumutulong sa mga pasyente na makakuha ng mga pakinabang kung saan sila ay kwalipikado.

Ang Departamento sa mga Serbisyong Pinansiyal ng Pasyente ay magbabalik at pananagutang isagawa ang “matalinong mga gawaing pang-negosyo”, at gumawa ng itinakda ng ospital na “makatuwirang pagsisikap” para maningil ng mga pautang nito. Ang CMHS ay nanghahawakan sa Batas ng Patas na Gawaing Paniningil ng Pautang at ng Samahan sa Kodigo ng mga Etiko ng mga Propesyonal ng Kredito at Koleksiyon at Pananagutang Propesyonal at ang mga pasyente ay pinakikitunguhan ng may paggalang kaayon ng aming misyon at mga pinahahalagahan.

Mga Pangkabit sa patakarang ito:

- A. Listahan ng mga Di Kasali
- B. Mga Kahulugan
- C. Karapat-dapat na Sahod at Pagpapaliit ng Utang
- D. Aplikasyon sa Programang Tulong na Pinansiya/Liham na Pabalat/mga Instruksiyon
- E. Listahan ng mga Tagapaglaan ng Panggagamot sa CMHS na Hindi Sakop ng Patakarang ito

I. Pagkakakilanlan ng Programa sa Tulong na Pinansiyal:

A. Proseso sa Pagkuha ng Pasyente

1. Ang mga brushur sa Programa ng Tulong na Pinansiyal na nagpapaliwanag ng patakarang ito ay ipapaskil sa bawat pasukang dako.
2. Ang mga karatulang nagbibigay-alam sa mga pasyente ng pagkakaroon ng Tulong na Pinansiyal ay malinaw na ipakikita.
3. Ang mga Tauhan sa Pagkuha ng Pasyente ay sasanayin sa mga batayan ng programa kung saan ihaharap ang mga pasyenteng may karagdagang katanungan.
4. Sa likod ng bawat sumaryo ng pahayag isang mensahe ang isusulat na nagpapaliwanag ng mga Patakarang sa Tulong na Pinansiyal ng CMHS.
 - o Kinikilala ng CMHS na ang pangangalaga sa kalusugan ay karaniwan ng hindi nakaplano at maaaring may kamahalan. Pinaglalaanan namin ang aming mga pasyenteng walang seguro sa kalusugan at mga pasyenteng di nakaseguro ng mga

diskuwentong katulad sa ibang tagapagbayad ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Ang CMHS ay naglalaan ng diskuwento sa kanilang bayarin. Mayroon din kaming Programa sa Tulong na Pinansiyal (Kawang-gawang Pangangalaga) na maaari kayong maging kuwalipikado.

Ang isang Aplikasyon ay dapat na kompletuhin upang alamin ang pagiging karapat-dapat. Pakisuyong kontakin ang Departamento sa Serbisyo ng Kostumer para sa higit pang impormasyon.

B. Payong Pinansiyal

1. Ang pagkukunan ng bayad at kakayahan ng pasyenteng makabayad ay susuriin sa panahon ng pagtanggap ng Tagapagtaguyod sa Pinansiyal ng CMHS.
2. Ang tauhan ng mga Serbisyo sa Pinansiyal ng Pasyente o kinatawan ng Patient Community Memorial Health System ang tutulong sa mga pasyente na may pagsasauling-kabayaran mula sa mga programang lokal, estado, at pederal kung walang iba pang mapagkukunan ng bayad.
3. Sa panahong walang ikatlong partidong mapagkukunan ng bayad, ang pasyente/garantor ay paglalaanan ng impormasyon sa Programa ng Tulong na Pinansiyal.
4. Ang tauhan ng mga Serbisyo sa Pinansiyal ng Pasyente ay tutulong sa mga pasyente/mga garantor upang gumawa ng mga kaayusan sa pagbabayad kung walang tulong (halimbawa mga tulong mula sa lokal, estado, o programa sa pinansiyal ng Community Memorial Health System) ang naroroon.

C. Mga Pagsisikap ng Koleksiyong Panlabas

Ang mga ahensiyang nangongolekta ng utang para sa Community Memorial Health System ay magpapabalik sa ospital ng lahat ng mga pasyente/mga garantor na may mga Aplikasyon para sa Programang Tulong na Pinansiyal kapag ipinahayag ng pasyente/garantor ang kahirapan sa pag-abot sa inaasahang bayad ng ahensiya sa koleksiyon

II. Pagkakarapat-dapat at mga giya sa pagpro-proseso:

A. Proseso sa Aplikasyon

1. Ang Aplikasyon para sa Tulong na Pinansiyal ay maaaring kompletuhin sa anumang oras, sa loob ng proseso ng siklo ng kinita, kapag ang pansariling bayarin ay kailangan nang bayaran at napag-alaman (o ang pasyente/aplikante ay nagpahayag) na may pinansiyal na kahirapan.
2. Ang aplikasyon ay maaaring kompletuhin bago tumanggap ng mga serbisyo kapag natanggap ang kompirmasyon at ang serbisyo ay babayaran-ng-sarili. Hindi tinatanggap sa programa ng Tulong na Pinansiyal ang mga operasyong kosmetiko at rerepasuhin para sa pangangailangang Medikal. Ang mga pasyenteng manganganak ay hindi kasali sa patakarang ito yamang ang Medi-Cal ang tutulong sa mga kasong iyon. Ang iba pang di kasali ay

- maaaring i-aplay. Tingnan ang listahan ng di kasali.
3. Ang pagiging karapat-dapat ay nakasalig sa pakikiisa ng pasyente sa proseso ng aplikasyon.
 4. Kasama sa proseso ng aplikasyon ang pagkompleto ng aplikasyon sa tulong na pinansiyal at paglalalan ng katibayan ng mga dokumento.
 - a. Kapag ang porma ng aplikasyon ay hindi mapunan, ang Direktor ng mga Pagtanggap/Mga Serbisyo sa Pinansiyal ng Pasyente ay gagamit ng kaunawaan sa pagkilala at pag-awtorisa sa kaso bilang Programa sa Tulong na Pinansiyal.
 - b. Sa panahong natanggap ang kinompletong aplikasyon, ang Direktor ng mga Pagtanggap/Mga Serbisyo sa Pinansiyal ng Pasyente o ang kaniyang kinatawan ang kokompleto ng allowance worksheet para sa Programa sa Tulong na Pinansiyal at gagawa ng panghuling pag-alam para sa pagiging karapat-dapat.
 5. Ang konfirmasyon ng patuluyang pagiging karapat-dapat ay maaaring baguhin makaraan ang tatlong buwan.
 6. Para sa mga pasyenteng naging kwalipikado para sa tulong na pinansiyal at nakikiisa nang maayos upang malutas ang kanilang mga bayarin sa ospital, mag-aalok ang CMHS ng pinahabang mga plano sa pagbabayad, tingnan ang Patakaran sa Herarkiya ng Pagbabayad, at hindi magsusug ng mga garnishment sa kita, o puwersahang foreclosure ng pangunahing tinitirhan ng residente, hindi magsusug ng mga aksiyong pipilit sa pagkabangkarote at magpapadala ng di nabayarang mga bayarin sa panlabas na tagakolektang mga ahensiya.
 7. Matapos tanggapin ang nakompletong aplikasyon ang isang sulat ng pagtanggap o di pagtanggap para sa programa ay ipapadala sa pasyente o sa garantor sa loob ng 15 mga araw mula sa petsang ito ay natanggap.

B. Basehan ng Kuwalipikasyon at Kasangkot sa Pagpapaliit ng Utang: Ang Aplikasyon sa Tulong na Pinansiyal ay gagamitin upang alamin ang pagiging karapat-dapat ng pasyente/garantor para sa:

1. Kawang-gawa
 - a. Ang pagpapaliit ng write-off ng utang na bahagi ng Tulong na Pinansiyal ay ibabase sa nagbabago-bagong iskedyul ng bayarin (Pangkabit C) na ginagamit ang kasalukuyang mga Giyang Pederal ng Estados Unidos para sa Mahihirap.
 - b. Ang impormasyon mula sa aplikasyong pinansiyal ng aplikante (Pangkabit D) at ang sumusuportang dokumentasyon ay ikakapit sa listahan ng mga Di kasali (Pangkabit A) upang malaman ang halaga ng Tulong na Pinansiyal na ibibigay.
 - c. Ang pagpapatunay ay maaaring magsangkot, ngunit hindi limitado sa, pinakahuling isinauling buwis pederal at ng 3 mga buwang (kasama na ang kasalukuyan) mga pay stub.
 - d. Ang mga netong halaga at/o mga ari-arian ng aplikante

(nangangahulugan ng pagsusuri) ay maaari ring gamitin bilang isang salik sa pag-alam may kinalaman sa pag-aproba ng Tulong na Pinansiyal.

2. Walang Seguro, Di Sapat ang Seguro, o Nangangailan sa Pinansiyal:
 - a. Ang pagpapaliit ng write-off ng utang na bahagi ng Tulong na Pinansiyal ay ibabase sa nagbabago-bagong iskedyul ng bayarin (Pangkabit C) na ginagamit ang kasalukuyang Giyang Pederal ng Estados Unidos para sa mga Mahihirap, kita, mga ari-arian, laki ng pamilya, mga pangangailangang medikal, at mga halaga ng kapahamakan. Ang tulong na pinansiyal ay salig sa pagitan ng Antas ng Medicare at 100% at makukuha ng lahat ng mga pasyente mayroon man o wala silang seguro sa kalusugan. Ang mga pasyenteng may seguro sa kalusugan ay maaaring maging kwalipikado sa tulong para sa natitirang balansiya (coinsurance/deductables) matapos magbayad ang seguro. Tingnan ang Batas sa Herarkiya ng Kabayaran.
 - b. Ang impormasyon mula sa aplikasyon sa pinansiyal ng aplikante (Pangkabit D) ay ikakapit sa listahan ng mga Di Kasali (Pangkabit A) upang malaman ang halaga ng kwalipikadong Tulong na Pinansiyal na ibibigay.
 1. Ang pagpapatunay ay maaaring magsangkot, ngunit hindi limitado sa, pinakahuling isinauling buwis pederal at ng 3 mga buwang (kasama na ang kasalukuyan) mga pay stub.
 2. Ang mga netong halaga at/o mga ari-arian ng aplikante (nangangahulugan ng pagsusuri) ay maaari ring gamitin bilang isang salik sa pag-alam sa pag-aproba ng tulong na pinansiyal.
 3. Ang mga pasyenteng empleyado-ng-sarili ay hihilingang magbigay ng isang kapahayagan ng Kita at Pagkalugi upang matiyak ang kinikita.
3. Ang mga pasyente /garantor na dumanas ng Biglaan at Pangmahabaang Kawalan ng Kita ay maaaring maging kwalipikado para sa Programa sa Tulong na Pinansiyal base sa 3 mga buwan ng pinakahuling (kasama na ang kasalukuyan) mga pay stub at ang mga dokumentasyon mula sa mga mapagkukunan tulad ng mga Serbisyong Panlipunan, at iba pa na nagpapatunay ng kahilingan sa Kawalan ng Kita.
4. Tulong ng Gobyerno: Upang malaman kung ang isang indibiduwal ay kuwalipikado sa Tulong na Pinansiyal, ang mga programa ng ibang bansa o tulong pang-gobyerno ay dapat ring isaalang-alang.
 - a. Makikipag-kontrata ang Community Memorial Health System sa tagapagtaguyod ng ikatlong partido ng pasyente upang tulungan ang mga indibiduwal na malaman ang pagkakarapat-dapat sa tulong pang-gobyerno o iba pang tulong, kung naaangkop.

- b. Ang mga taong karapat-dapat para sa mga programa (tulad ng Medi-cal) ngunit hindi nakukubrehan sa panahong inilaan ang mga serbisyong medikal ay maaaring aprobahan para sa Tulong na Pinansiyal sa kondisyong ang pasyente ay dapat na mag-aplay sa tulong ng gobyerno. Ito ay matalino, lalo na kung nangangailangan ang pasyente ng patuluyang mga serbisyo.
- c. Para sa mga pasyenteng hindi makatugon sa proseso ng aplikasyon, dapat na gamitin ang iba pang mapagkukunan ng impormasyon upang matantiya ang pinansiyal na pangangailan ng isang indibiduwal. Ang impormasyong ito ay magpapangyari sa CHMS na gumawa ng mabuting disisyon sa pinansiyal na pangangailangan ng mga pasyenteng hindi makatugon.
- d. Para sa layuning matulungan ang mga pasyenteng may pangangailangan sa pinansiyal, ang ikatlong partido ay maaaring gamitin para repasuhin ng impormasyon tungkol sa pasyente upang matantiya ang pangangailangan sa pinansiyal. Ang repasong ito ay magpapangyari sa kinikilala-sa-industriya ng pangangalaga sa kalusugan na gamitin ang isang prediktobong modelo base sa pinaglalaman ng nakuhang data sa rekord ng publiko. Ang mga rekord na pampublikong ito ay magpapangyari sa CHMS na matantiya kung ang pasyente ay nagtataglay ng katangian base sa ibang mga pasyente na naging karapat-dapat ayon sa kasaysayan sa tulong na pinansiyal ayon sa kinaugaliang proseso ng aplikasyon. Sa kasong walang impormasyong direktang inilaan ng pasyente at matapos ang mga pagsisikap na alamin ang pagkakaroon ng panakip, ang prediktibong modelo ay maglalaan ng isang sistematikong paraan upang ibigay ang ipinalagay na pagkakarapat-dapat sa pinansiyal na pangangailangan ng pasyente.
- e. Ang Tulong na Pinansiyal na ibinigay sa ilalim ng Prediktibong Modelo ay para lamang sa isang-panahong basehan. Ang mga pasyenteng binigyan ng ipinalagay na Suporta ay hihilingang kompletuhin ang proseso ng Aplikasyon para sa Tulong na Pinansiyal para sa mga serbisyo sa hinaharap. Sa panahong ang pasyente ay hindi kuwalipikado sa ilalim ng prediktibong modelo, ang pasyente ay maaari pa ring magbigay ng suportang impormasyon sa loob ng naitatag na mga takdang panahon at ibibilang sa ilalim ng kinaugaliang proseso ng aplikasyon sa tulong na pinansiyal. Ang mga account ng pasyenteng binigyan ng katayuang ipinalagay na pagkakarapat-dapat ay isasaayos sa pamamagitan ng paggamit ng ispesipikong Charity Pre (CHARPRE) sa panahong iyon na ang account ay nakilalang di-makolekta at bago ibigay sa koleksiyon o ibilang na write-off bilang isang masamang utang. Ang diskwentong ibinigay ay ibibilang na

suportang pinansiyal; ang account ng pasyente ay hindi ipadadala sa koleksiyon at hindi isasama sa masamang gastusin sa utang ng CHMS.

- f. Ang mga account ng pasyenteng binigyan ng katayuang ipinalagay na pagkakarapat-dapat ay isasaayos sa pamamagitan ng paggamit ng ispesipikong Charity Pre (CHARPRE) sa panahong ang account ay hindi makolekta at bago ibigay sa koleksiyon o write-off patungo sa masamang utang. Ang diskwentong ibinigay ay ibibilang na suportang pinansiyal; ang account ng pasyente ay hindi ipadadala sa koleksiyon at hindi isasama sa masamang gastusin sa utang ng CHMS.

III. Iba pang Pagpapaliit ng Utang.

1. Ang administratibong mga right off ay hindi ibibilang na Kawang-gawang Pangangalaga.
2. Ang masamang mga utang ay hindi ibibilang na Kawang-gawang Pangangalaga.
3. Ang masamang mga account na inutang na ibinalik ng ikatlong partidong mga ahensiyang taga-kolekta sa pag-alamang mga pasyente/garantor na walang kakayahang magbayad, ayon sa batas ng Programa sa Tulong na Pinansiyal, ay ibibilang na Kawang-gawang Pangangalaga.
4. Ang mga account na pinaliit sa isang zero balance bilang resulta ng pagkamatay ng pasyente/garantor na walang ari-arian ay ibibilang na Kawang-gawang Pangangalaga, na pinatutunayan ng sumusuportang mga dokumentasyon.
5. Ang mga account na pinaliit sa isang zero balance bilang resulta ng pagka-bangkarote o bankruptcy ay ibibilang na Kawang-gawang Pangangalaga
6. Ang pag-aproba sa Tulong na Pinansiyal at anumang pangangalagang inilaan na nakukubrehan ng Programa sa Tulong na Pinansiyal ay hindi nag-oobliga sa Community Memorial Health System na maglaan ng patuluyang pangangalaga.

IV. Mga Awtorisasyon sa Pagpapaliit ng Inutang

Antas ng Pag-aproba – Lahat ng mga aplikasyon sa tulong na pinansiyal ay dapat na kaayon ng sumusunod:

| Mula sa | Tungo sa | TituloTitle |
|----------|-----------|--|
| \$0 | \$10,000 | Senior Patient Account Rep |
| \$10,001 | \$100,000 | Director Of Patient Financial Services |

V. Mga Konsiderasyon sa iba pang Programa sa Tulong na Pinansiyal:

Ang pag-aproba sa Tulong na Pinansiyal at anumang pangangalagang sakop ng Programa sa Tulong na Pinansiyal ay hindi nag-oobliga sa Community Memorial Health System na maglaan ng patuluyang pangangalaga.

Mga Salik na Hindi Isasaalang-alang :

Ang sumusunod na mga salik ay hindi isasaalang-alang kapag gumagawa ng isang mungkahi para sa Tulong na Pinansiyal at/o sa paglalaan ng tulong: Masamang Utang; mga contractual allowance; inaakalang kakulangan ng mga bayad para sa mga operasyon; mga kasong binayaran sa pamamagitan ng kawang-gawang kontribusyon; mga serbisyong pang-komunidad o mga programa sa pag-abot; o kalagayan ng trabaho. Sa ibang mga salita, ang mga pinagkukunan ng salaping ito ay walang kinalaman sa pagiging karapat-dapat ng pasyente.

Patas na Oportunidad:

Kapag gumagawa ng mga disisyon sa Tulong na Pinansiyal, ang Community Memorial Health System ay nakatalaga sa pagtataguyod ng iba't ibang mga batas pederal at estado na umiwas sa diskriminasyon base sa lahi, sekso, idad, relihiyon, bansang pinagmulan, kalagayan sa pag-aasawa, seksuwal na orientasyon, disabilidad, serbisyong militar, o anupamang mga klasipikasyong protektado ng mga batas pederal, estado at lokal.

Mga Dahilan ng Pagkakait:

1. Sapat na kinikita
2. Antas ng ari-arian
3. Di pakikiisa sa kabila ng makatuwirang mga pagsisikap na makipangtulungan sa pasyente
4. Di kompletong Aplikasyon sa Tulong na Pinansiyal sa kabila ng makatuwirang mga pagsisikap na makipangtulungan sa pasyente
5. Pag-iwas sa pagbabayad ng seguro at/o mga pondo ng kasunduan sa seguro
6. Pagkabigong kompletuhin ang mga aplikasyon para sa Medi-cal.
7. Pagkabigong maki-isa at di pakikipagtulungan sa Medi-cal Eligibility Vendor

Panahong Sinasaklaw:

Ang mga serbisyong inilalalaan ng mga ospital at mga klinika ng Community Memorial Health System ay nakukubrehan ng Programa sa Tulong na Pinansiyal.

Ang mga serbisyong nakuha ng mga pasyente/garantor at ang mga serbisyo sa hinaharap, na hindi lumalampas sa 30 mga araw, ay maaaring isali sa pagpapaliit. Ang mga pasyente/mga garantor na tumanggap ng mga serbisyong pangangalaga sa kalusugan na lumampas sa 3 buwan bago pasimulan ang pag-aproba sa Programa sa

Tulong na Pinansiyal ay hihilingan na muling pagsusuri ng impormasyon sa pinansiyal hinggil sa kanilang kinikita.

Mga Organisasyong na hindi nakuubrehan sa ilalim ng batas ng Programa sa Tulong na Pinansiyal:

Ang Long Term Care, Assisted Living Center, HME/DME at ang iba pang mga serbisyong karaniwan nang hindi inilalaan ng tradisyunal na ospital o mga klinika ay hindi karapat-dapat na isali sa Programa ng Tulong na Pinansiyal.

Tanging ang mga serbisyong inilaan sa mga pasyenteng may kaagad o pangmadaliang pangangailangan ang kwalipikado sa kawang-gawang pangangalaga. Ang mga serbisyong elektibo ay hindi karapat-dapat sa pagpapaliit na Programa ng Tulong na Pinansiyal, malibang ang mga ito ay patiunang naging kwalipikado sa pamamagitan ng mga giya sa Programa ng Tulong na Pinansiyal.

Ang isang listahan ng mga serbisyong hindi kasali sa Programang Tulong na Pinansiyal ay kakabit ng patakarang ito. (Tingnan ang Pangkabit A)

Mga Di Kasali sa Programa ng Tulong na Pinansiyal – *Pangkabit A*

Aborsiyon: Ang mga serbisyo, mga gamit, pangangalaga o panggagamot kaugnay ng isang pinili o elektibong aborsiyon.

1. **Acupuncture:** Ang shiatsu, elektrikal na pagpapagana sa periosteum, chelation therapy, immunoaugmentive therapy (IAT), thermograph, joint reconstruction therapy, joint sclerotherapy, prothotherapy, or ligamentous injections na may kasamang sclerosing agents, Osteopathic manipulative treatment, spinal manipulative treatment, at kebiozen.
2. **Mga Komplikasyon:** Mga komplikasyon ng operasyong hindi nakukubrehan.
3. **Operasyong Kosmetiko:** Mga operasyong kosmetiko o anumang mga komplikasyong nangyari mula sa operasyong kosmetiko kasama na ang laser treatment o pagsunog sa napinsalang balat na benign [maliban sa condyloma acuminatum], dermabrasion, superficial chemical peels, at medium o deep chemical peels na hindi idinidirekta sa panggagamot ng pre-cancerous skin lesions. **Ang mga di kasaling ito ay hindi kumakapit sa:** Operasyong kosmetiko na kinakailangan upang ituwid ang isang kundisyong bumangon dahil sa pinsala ng aksidente, o kung ito ay isinagawa upang itama ang isang congenital anatomy kung saan ang pagtutuwid ay magsasauli sa gamit pang-katawan.
4. **Pangangalagang Kostudiyal:** Ang pangangalaga na kung saan ang pangunahing dahilan ay makamit ang mga pangangailangang personal sa halip na mga pangangailangang medikal na maaaring ibigay ng isang taong walang

pantanging mga kasanayang medikal o pagsasanay ay ibinibilang na Kostudyal na Pangangalaga. Kasama sa gayong pangangalaga, ngunit hindi nalilimitahan, ang: pagtulong sa isang pasyenteng makalakad, mahiga at bumangon sa kama, at uminom ng normal na mga iniinom na gamot. Ang pangangalagang Domiciliary at pagiging pasyente sa loob ng ospital ay hindi sakop sa ilalim ng mga layunin ng Pangangalagang Kostudyal.

5. Dental na panggagamot: Rutinang dental na panggagamot, malibang ito ay pangangailangang medikal dahilan sa isang seryosong kondisyong medikal o sa isang pinsalang aksidental.

6. Mga programa sa pag-eehersisyo: Mga programa sa pag-eehersisyo para gamutin ang anumang kondisyon, maliban sa sinusuperbisahan-ng-Manggagamot na cardiac rehabilitation, occupational o physical therapy.

7. Eksperimental o Hindi Medikal na Kailangan: Pangangalaga at panggagamot na kapwa Eksperimental/Imbistigasyunal o hindi Medikal na Kinakailangan.

8. Gastric Surgery: Anumang mga serbisyo, mga gamit o mga programang nagsasangkot ng mga gastric surgery para magbawas ng timbang.

9. Impotence: Pangangalaga, mga pang-gagamot, mga serbisyo, mga gamit o medikasyong may kalamayan sa pagsusuri at pang-gagamot ng impotence.

10. Infertility: Pangangalaga, mga gamit, mga serbisyo, mga pagsusuri at pang-gagamot para sa infertility, artificial insemination, embryo transplants at pag-iimbak, o in-vitro fertilization.

11. Masahe: Mga serbisyo mula sa isang tagapag-masahe, physical culturist, instructor sa kaalamang pisikal, o mga attendant sa health club.

12. Walang Rekomendasyon ng Manggagamot: Pangangalaga, pang-gagamot, mga serbisyo o mga gamit na hindi inirekomenda at inaprobahan ng isang Manggagamot; o pang-gagamot, mga serbisyo o mga gamit kung saan ang pasyente ay wala sa ilalim ng regular na pangangalaga ng isang Manggagamot. Ang regular na pangangalaga ay nangangahulugang patuluyang superbisyong medikal o pang-gagamot, na siyang naaangkop na pangangalaga para sa Sugat o Sakit.

13. Katabaan: Pangangalaga at pang-gagamot ng katabaan, pagbabawas ng bigat, o kontrol sa pagdidiyeta ito man o hindi, sa anumang kaso, ay isang bahagi ng plano para sa ibang Sakit.

14. Okupasyunal: Mga bayarin para sa o may kaugnayan sa isang Pinsala o Pagkakasakit, na isang okupasyunal—ibig sabihin, na naganap mula sa

trabaho para kumita o tumubo kasama na ang trabahong pansarili. Ang pagka-di-kasali nito ay kumakapit kahit na nagpaubaya ang kalahok o nabigong igiit ang kanyang karapatan ayon sa batas, o mga gastusin na resulta ng kita o tubo. Ang isang halimbawa nito ay kung ang isang indibiduwal ay empleyado-ng-sarili at nakaranas ng Sugat o Pagkakasakit, na lumitaw mula o habang nasa trabaho, ang mga bayarin ay hindi makukubrehan ng FAP kung ang empleyado-ng-sariling indibiduwal ay pumiling hindi makilahok sa programa para sa Kompensasyon ng mga Manggagawa, na kaayon ng iba pang kumakapit na Batas ng Estado o Pederal.

- 15. Pribadong manggagawang nurse:** Ang mga bayarin may kaugnayan sa pangangalaga, pang-gagamot o mga serbisyo ng isang pribadong manggagawang nurse.
- 16.
- 17. Surgical Sterilization:** Mga pinili o elektibong surgical sterilization.
- 18. Surgical sterilization reversal:** Pangangalaga at pang-gagamot para sa operasyong pagsasauli ng sterilization.
- 19. Surrogacy:** Anumang serbisyong may kinalaman sa anumang uri ng kasunduan o kaayusang surrogacy o kahaliling magulang, kasama na ang tradisyunal na surrogacy, artificial insemination na kaugnay ng isang kasunduan o kaayusang surrogacy, o gestational o invitrofertalization surrogacy.

MGA PAKAHULUGAN NG PROGRAMA SA TULONG NA PINANSIYAL – PANGKABIT B

Masamang Utang: Walang bawas na bayaring nakamit sa paglalaan ng mga serbisyo para sa mga pasyenteng napag-alamang may kakayahang magbayad para sa gayong mga serbisyo, ngunit sa dakong huli ay hindi gayon. Ang pag-alam na ito ay maaaring gawin sa panahon ng admisyon, o anumang panahon kasunod nito.

Kawang-gawang Pangangalaga: Walang bawas na bayaring nakamit sa paglalaan ng mga serbisyo sa mga pasyenteng napag-alamang walang kakayahang magbayad para sa gayong mga serbisyo at kung saan ang Community Memorial Health System ay hindi umaasa ng kabayaran sa dakong huli. Ang pag-alam na ito ay maaaring gawin sa panahon ng admisyon, o anumang panahon kasunod nito. Karagdagan pa, **Ang Programa sa Tulong na Pinansiyal at dapat na magsangkot ng:**

Dako ng Serbisyo: Ang dako ng serbisyo ng ospital para sa layunin ng patakarang ito ay tumutukoy sa dakong hiograpiko na sumasakop sa Timugang Ventura County.

Biglaan at Pang-mahabaang kawalan ng Kita: Ang mga pasyenteng dumanas ng isang biglaan at pang-mahabaang kawalan ng kita sa pinakamababang 90 mga araw dahil sa pagkakasakit, ay kukumpleto ng isang aplikasyon para sa Programa sa Tulong na Pinansiyal.

Iba pang mga Write-off: Walang bawas na mga bayaring nakamit sa paglalaan ng mga serbisyo sa mga pasyenteng napag-alamang may kakayahang magbayad, ngunit base sa litigasyon, alitan, at iba pa, ang isang disisyong administratibo ay ginawa na hindi humihiling sa isa na magbayad.

Mga Halagang Ibinalik ng mga Ahensiya sa Koleksiyon Makaraang ang yugtong haba ng panahon ay natapos, ang ahensiya sa koleksiyon ay magsasauli ng anumang account na napatunayang hindi makolekta. Ang kanilang ibinalik na mga account ay dapat na ituring na right-off bilang Kawang-gawang Pangangalaga maliban na lamang kung nakilala ng propesyunal na ahensiya na ang pasyente ay walang kakayahang magbayad ng mga bayarin.

Namatay nang Walang Ari-arian: Ang mga dapat bayarang account ng isang taong namatay nang walang ari-arian, ay dapat na ituring na right-off bilang Kawang-gawang Pangangalaga. Kung ang isang bahagi mula sa ari-arian ay tinanggap, ang natitirang bahagi ng bayarin ay ituturing na Kawang-gawang Pangangalaga.

Pagka-bangkarote: Ang di nabayarang mga account, mula sa isang taong nagpahayag ng pagka-bangkarote, ay ituturing na write-off bilang Kawang-gawang Pangangalaga.

Kinita: Katumbas ng salaping tinanggap/kita ng sambahayan.

Mga ari-arian: Mga pinagkukunan/pag-aari maliban sa kita. Bilang mga kasali, ngunit hindi limitado sa ari-ariang bahay, mga naipon, checking, at mga ari-ariang investment.

Netong mga Ari-arian: Mga ari-arian matapos ibawas ang utang.

Pagsubok sa Pinagkukunan: Ang netong mga ari-arian na lumampas sa 200% ng kinikita ng sambahayan ay ituturing na kinita para sa layunin ng Programa sa Tulong na Pinansiyal.

Yugto ng Pangangalaga: Yugto ng panggagamot na itinakda ng isang manggagamot na ibinigay sa isang takdang haba ng panahon.

PANGKABIT C

| Miyembro ng Pamilya o Sambahayan | 2015FPG Kinitang Walang Bawas sa 6 na Buwan | 200% ng FPG Adjustment | 201%-300% ng FPG Adjustment | 301% at Pataas Tingnan ang Patakaran sa Kawang-gawang Tulong na Pinansiyal |
|----------------------------------|---|------------------------|-----------------------------|--|
| 1 | 11,770.00 | 100% | Halaga ng Medicare | <i>Tingnan ang Patakaran sa Kawang-gawang Tulong na Pinansiyal</i> |
| 2 | 15,930.00 | 100% | Halaga ng Medicare | <i>Tingnan ang Patakaran sa Kawang-gawang Tulong na Pinansiyal</i> |
| 3 | 20,090.00 | 100% | Halaga ng Medicare | <i>Tingnan ang Patakaran sa Kawang-gawang Tulong na Pinansiyal</i> |
| 4 | 24,250.00 | 100% | Halaga ng Medicare | <i>Tingnan ang Patakaran sa Kawang-gawang Tulong na Pinansiyal</i> |
| 5 | 28,410.00 | 100% | Halaga ng Medicare | <i>Tingnan ang Patakaran sa Kawang-gawang Tulong na Pinansiyal</i> |
| 6 | 32,570.00 | 100% | Halaga ng Medicare | <i>Tingnan ang Patakaran sa Kawang-gawang Tulong na Pinansiyal</i> |
| 7 | 36,730.00 | 100% | Halaga ng Medicare | <i>Tingnan ang Patakaran sa Kawang-gawang Tulong na Pinansiyal</i> |
| 8 | 40,890.00 | 100% | Halaga ng Medicare | <i>Tingnan ang Patakaran sa Kawang-gawang Tulong na Pinansiyal</i> |
| Bawat Karagdagan | | 4,160.00 | | |

Skedyul 1

Ang 200% ng mga Giya ng Kahirapan ay Katumbas ng Kawang-gawang Write-Off Walang Pananagutan ang Pasyente

| Laki ng Pamilya | Mga Giya ng Kita | Mga Giya ng Kita | Mga Giya ng Kita |
|-----------------|-------------------|-------------------|------------------|
| Yunit | Tatlong mga Buwan | Anim na mga Buwan | Isang Taon |

| | | | |
|---|----------|-----------|-----------|
| 1 | \$ 5,885 | \$ 11,770 | \$ 23,540 |
|---|----------|-----------|-----------|

| | | | | | | |
|---|----|--------|----|--------|----|--------|
| 2 | \$ | 7,965 | \$ | 15,930 | \$ | 31,860 |
| 3 | \$ | 10,045 | \$ | 20,090 | \$ | 40,180 |
| 4 | \$ | 12,125 | \$ | 24,250 | \$ | 48,500 |
| 5 | \$ | 14,205 | \$ | 28,410 | \$ | 56,820 |
| 6 | \$ | 16,285 | \$ | 32,570 | \$ | 65,140 |
| 7 | \$ | 18,365 | \$ | 36,730 | \$ | 73,460 |
| 8 | \$ | 20,445 | \$ | 40,890 | \$ | 81,780 |

Para sa mga yunit ng pamilya na may higit sa walong (8) mga miyembro, magdagdag ng \$4160.00 para sa bawat karagdagang miyembro ng pamilya

ISKEDYUL 2

Ang 300% ng mga Giya ng Kahirapan ay Katumbas ng 40% ng mga Bayarin o Medicare DRG para sa Tinanggap na Pasyente o anuman ang mas mababa

| Laki ng Pamilya | Mga Giya ng Kita | Mga Giya ng Kita | Mga Giya ng Kita |
|-----------------|-------------------|-------------------|------------------|
| Yunit | Tatlong mga Buwan | Anim na mga Buwan | Isang Taon |

| | | | | | | |
|---|----|--------|----|--------|----|---------|
| 1 | \$ | 8,828 | \$ | 17,655 | \$ | 35,310 |
| 2 | \$ | 11,948 | \$ | 23,895 | \$ | 47,790 |
| 3 | \$ | 15,068 | \$ | 30,135 | \$ | 60,270 |
| 4 | \$ | 18,188 | \$ | 36,375 | \$ | 72,750 |
| 5 | \$ | 21,308 | \$ | 42,615 | \$ | 85,230 |
